CALGARY POLICE SERVICE

## SERBISYO NG PULISYA NG CALGARY

# ASIA ADVISORY BOARD



Kami ay mga boluntaryo mula sa mga komunidad ng Asya sa Calgary na nagsasama-sama upang magbigay payo sa Calgary Police Service (CPS) tungkol sa iba't-ibang bagay at makipagtulungan sa pulisya tungo sa sama-samang layunin ng pagpapabuti ng serbisyo para sa mga Asian Calgarian.

**PAANO ITO GUMAGANA**
Ang CPS Asia Liaison Officer ay co-chair sa Asia Advisory Board kasama ang isang sibilyan na co-chair. Ang pagkakaroon ng isang pulis sa lupon ay nagbibigay daan para sa direktang komunikasyon at pakikipagtulungan sa pagitan ng komunidad at pulisya.

**MIYEMBRO NG ASIA ADVISORY BOARD:**
- Dapat ay hindi bababa sa 18 taong gulang
- Dumalo sa regular na buwanang pagpupulong
- Magbigay ng impormasyon sa pagitan ng CPS at mga pamayanang Asyano
- Masigasig sa serbisyo sa komunidad

Ang mga interesadong sumali ay dapat kumpletuhin ang isang maikling aplikasyon.

**MGA KOMUNIDAD**
Ang mga komunidad na kumakatawan sa ilalim ng CPS Asia Portfolio ay: China, Hong Kong, North Korea, South Korea, Japan, Taiwan, Tibet, Thailand, Laos, Vietnam, Singapore, Cambodia, Malaysia, Indonesia at Pilipinas.

**MANDATO**
Ang Asia Advisory Board ay binubuo ng mga miyembro ng komunidad na may kaalaman sa kultura, karanasan sa buhay at mga relasyon na tumutulong sa CPS sa pagpapabuti ng kanilang serbisyo sa lahat ng Calgarian. Ang lupon ay gumaganap ng isang independiyenteng tungkulin ng pagpapayo sa kasapian ng CPS tungkol sa mga pangangailangan ng komunidad at ipinapaalam ang pag-unlad pabalik sa komunidad. Nakikipagtulungan ang lupon sa CPS upang matiyak na pinaglilingkuran nila ang lahat ng miyembro ng komunidad nang pantay-pantay, at nagsisikap na tumulong na baguhin ang kultura ng pagpupulis upang pahalagahan ang pagkakaiba-iba sa pamamagitan ng mga solusyon sa komunidad.

**MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:**
Diversity Resource Team – Asia Liasion Officer
diversity@calgarypolice.ca

hatecrime@calgarypolice.ca
(Pagtatanong ukol sa hate crime)

Impormasyon ay makukuha sa:
**https://www.calgary.ca/cps**